



K2C

Mga Balita at Anunsyo

[Español](#)

中文

Filipino



Nagbabagang Balita!

Ang K2C Bank Days ay isang Napakalaking Tagumpay

Naitalang bilang na humigit kumulang isang-daang estudyante at pamilya ang bumisita sa apat na sangay ng bangko nang nakaraang Sabado, ika-7 at ika-14 ng Disyembre. Sa tulong ng aming mga kahanga-hangang boluntaryo, nagawa naming sagutin ang mga katanungan at tulungan ang mga first timers sa kanilang paunang deposito.



Sa Iyong Marka, Takda, Gumuhit!

K2C Paligsahan sa Sining




Nanalo sa 2018 -2019 Julia, Alvarado Elementary School

Malapit na ang 3rd Annual K2C 5th Grade Paligsahan sa Sining! Ito ay pagkakataon ng iyong 5th grader upang kumita ng pera para sa kanilang K2C account. Ang tema ng taong ito ay "Pagbabago ng Mundo gamit ang K2C". Ang bawat paaralan ay pipili ng isang nagwagi na makakatanggap ng \$25 na iskolarsip at pagkakataong makipagkumpetensya para sa isa sa tatlong iskolarsip ng buong lungsod na \$100, \$200, o \$300. Dapat isumite ng mga paaralan ang kanilang panalang lahok hanggang 5:00pm ng ika-28 ng Pebrero, 2020. Mag-click [dito](#) para sa karagdagang impormasyon.



Atensyon para sa lahat ng SFUSD 7th Graders!

Paligsahan sa Panulaan ng 7th Grade



Ang pagsali sa 3rd annual K2C 5th Grade paligsahan sa Sining ay ang aming bagong 7th Grade paligsahan sa Panulaan! Ito ay pagkakataon para sa iyong 5th at 7th graders upang mag-ipon ng maagang mga iskolarsip sa kolehiyo. Ang tema ng taong ito ay "Pagbabago ng Mundo gamit ang K2C." Ang bawat paaralan ay pipili ng isang nagwagi na makakatanggap ng K2C na iskolarsip at pagkakataong makipagkumpetensya bilang nagwagi sa buong lungsod ng hanggang \$500 na karagdagang mga iskolarsip. Dapat isumite ng mga paaralan ang kanilang panalang lahok hanggang 5:00pm ng ika-28 ng Pebrero, 2020. Mag-click [dito](#) para sa karagdagang impormasyon.



News Ticker ng K2C



SFUSD

Kabuuang bilang ng nag-iipon: 7,886

Bagong mga nag-iipon sa nakaraang buwan: 301

Kabuuang bilang ng mga accounts: 42,642

Antas ng Nag-iipon: 18.5%

Kabuuang naipon ng mga estudyante, mga pamilya:
\$4.42 milyon

Kabuuan sa mga account: \$7.47 milyon

Kabuuang bilang ng online users: 4,717

Bagong online users sa nakaraang buwan: 437

Top Saver Rate na mga Paaralan:

1. Buena Vista/Horace Mann K-8
2. Paul Revere Elementary
3. George Peabody Elementary
4. Spring Valley Elementary
5. Sutro Elementary



Mahalagang mga Link

Tingnan ang Balanse

Nakalimutan ang Account #?

Bumisita sa k2csf.org



Tampok Bawat Buwan *Superstar K2C Family Liaison* *Selina Tso*



Ano ang makukuha mo kapag ang inspiradong Family Liaison ay nagsusulong ng K2C sa dalawang paaralan? Dalawang araw ng deposito sa paaralan! Ang Ambassador ng Paaralan para sa K2C at Family Liaison para sa Spring Valley Elementary School at Garfield Elementary School, **si Selina**, ay nag-ayos ng mga araw ng deposito para sa parehong mga paaralan. Maraming mga estudyante ang lumahok at gumawa ng deposito sa bangko sa kanilang account. Magaling, Selina! Magaling mga estudyante!

Gusto mo bang suportahan ang K2C? Makipag-ugnayan sa amin sa K2C@sfgov.org!



Gusto ka naming itampok at ang iyong kuwento! Magpadala sa amin ng email sa k2c@sfgov.org na may paksang "Kuwento ng Nag-iipon" para sabihin sa amin kung bakit ka nag-iipon, paano ka nag-iipon, kailan ka nagsimulang mag-iipon, o kahit anong tungkol sa iyo o ng pakikilahok ng iyong anak sa K2C.



Alam Ba Ninyo..

Sa 2018, [mahigit sa 65 mga programa ng Children's Saving's Account](#) na nagsisilbi sa halos kalahating milyong mga bata ay umiiral sa buong bansa, kabilang ang Boston, New York, at St. Louis. Inilunsad noong 2011, ang K2C ang nanguna sa Savings Accounts ng mga Bata.



Magtanong sa Estudyante!



Sinuman ay maaring maghikayat ng hangarin ng bawat bata. Magbibigay kami ng mungkahing tanong kada buwan na maaari ninyong itanong sa mga estudyante na kilala ninyo!

Ang Tanong sa Buwan na Ito: Ano ang gusto mong malaman tungkol sa kolehiyo?



Katanungan ng Buwan *Ano ang araw ng deposito ng paaralan?*

Ang ilang mga paaralan ay kumukuha ng mga deposito ng K2C sa site. Hinihikayat ang mga estudyante na dalhin ang kanilang pera sa paaralan sa isang napiling petsa kung saan ang mga kawani ng paaralan kasama ang mga boluntaryo, ay kumikilos bilang mga "bangkero" na kumukuha ng mga deposito ng mag-aaral. Ang mga pondo ay dinadala sa bangko ng mga boluntaryo o kasosyo sa K2C sa ngalan ng mga mag-aaral. Ang mga kaganapang ito ay maaaring maging isang bahagi ng linggo ng kolehiyo at karera o mga rally. Makipag-ugnayan sa K2C sa K2C@sfgov.org upang itakda ang araw ng Pagdedeposito sa Paaralan sa inyong paaralan.



Nakalikom kami ng \$1,613 sa ISANG Araw!



Ang K2C ay lumahok sa 1:1 Fund's #GivingTuesday na Kampanya, na tumutugma sa bawat donasyon, hanggang sa \$500 bawat isa. Sa isang araw lamang, nakalikom kami ng \$1,613! Salamat sa mga mapagbigay na tagasuporta na katulad ninyo, mayroon kaming higit na mga insentibo upang matulungan ang mga pamilya at estudyante upang makaipon!



K2C na Kalendaryo



Mayroon bang darating na K2C event ang inyong paaralan? Makipag-ugnayan sa k2c@sfgov.org upang humiling ng isa.

Mga kaganapan

- **Disyembre 2** – araw ng deposito ng Spring Valley school
- **Disyembre 10** - araw ng deposito ng Buena Vista/Horace Mann school
- **Disyembre 7** - Araw ng K2C Bank
- **Disyembre 14** - Araw ng K2C Bank
- **Disyembre 23 - Enero 3** - Bakasyon sa Taglamig ng SFUSD
- **Enero 14** - araw ng deposito ng Garfield Elementary School



Suportahan ang K2C

Kahit ikaw ay isang magulang/tagapag-alaga ng isang kasalukuyang estudyante, isang tagapangasiwa ng paaralan, o mga miyembro ng komunidad, maraming paraan upang suportahan ang K2C. Makiisa sa amin!

Magbigay ng
Donasyon sa K2C

Mag-book ng Field
Trip

Magboluntaryo sa K2C

Kumuha/Magbahagi ng
Pahayagan

Maging isang Ambasador ng K2C



Kindergarten hanggang Kolehiyo | Lungsod at County ng SF | Tanggapan ng Ingat-yaman (Office of the Treasurer) |
P.O. Box 7338 | San Francisco | CA | 94102
3-1-1 (sa SF) o 415-701-2311
www.k2csf.org